

Ang Imeldific

Representasyon at Kapangyarihan sa Sto. Niño Shrine sa Lungsod ng Tacloban

MICHAEL CHARLESTON B. CHUA

The paper is a reflection on the meaning of the Sto. Niño Shrine (Romualdez Museum) in Tacloban City, Leyte, the mansion Imelda Marcos ordered built in the early 1980s. Using Kapanahong Kasaysayan (the writing of Philippine contemporaneous history as different from contemporary history and investigative journalism as defined by the West), the reflections will be corroborated with data from documents, biographies and statements of people close to the first lady, including the author's interview with Madam Marcos herself, and will be contextualized to Philippine history and culture. According to Carmen Pedrosa, Imelda Marcos never lived in the mansion; it was "meant only to be viewed." The house cum museum reflects the official representation of her past and her role as mother of the country. The design of the house and the many objects collected the world over, not only shows the great wealth and power that she gained, but also her claim of foreign and aristocratic origins. The objects also convey a representation of the first lady that she wanted to make her people and the world believe: That she was born and destined to lead. It will be observed that she wanted to show an image of herself just like the ancient Filipino Babaylan – narrator of the people's story, healer of physical and social ills, spiritual leader of the people – the bearer of "ginhawa." In the end, whatever representation a personality or an institution desires to ingrain in the national memory through text or concretely, it is the experience and socialization of the individual which will determine his or her image of that historical figure. The individual has the prerogative not to believe such a fabricated image, especially if it does not square with one's experience of history.

Ang papel ay isang repleksyon sa kahulugan ng Sto. Niño Shrine (Romualdez Museum) sa Lungsod ng Tacloban, Leyte, ang mansiyong ipinatayo ni Imelda

Marcos noong mga simula ng Dekada 1980. Gamit ang Kapanahong Kasaysayan (metodo ng pagsusulat ng kasaysayan sa kasalukuyang panahon na kaiba sa contemporary history at investigative journalism ng Kanluran), ang mga pagmumuni-muni ay ikokonsulta sa mga bagay na isinulat na ukol kay Gng. Marcos, mga pahayag ng mga taong malapit sa kanya, at sa panayam ng may-akda sa mismong unang ginang. Ang mga kahulugang ito ay ikokonteksto sa mas malawak na kasaysayan at kulturang Pilipino. Ayon sa kanyang biographer na si Carmen Navarro-Pedrosa, hindi naman talaga ipinatayo ang bahay upang matirhan, kundi upang ipamalas. Ang bahay na museo ay nagpapakita ng opisyal na representasyon sa kanyang nakaraan at sa kanyang papel bilang Ina ng Bayan. Mababanaag sa disenyo ng bahay at sa iba't ibang mga kasangkapan mula sa buong kapuluan at sa buong daigdig hindi lamang ang napakalaking kayamanan at kapangyarihang kanyang natamo, kundi pati na rin ang sinasabing niyang kanyang pinagmulang aristokrata. Ang mga kagamitan sa loob ng bahay ay nagpapakita ng representasyon ng unang ginang sa kanyang sarili sa mga dayuhan at sa kanyang mga kababayan: isang babaeng may pinagmulang aristokrata na narapat sa pamumuno. Makikitang ang imaheng nais niyang ipakita ay tulad ng sa sinaunang Babaylan – taapagsalaysay, mangagamot, at espirituwal na pinuno – Daluyan ng Ginhawa. Sa huli, anumang representasyon ang nais ipamalas at ilagay ng mga personalidad o institusyon sa pambansang alaala (national memory) sa pamamagitan man ng teksto o kongkretong paraan, at kahit gaano kalaking kapangyarihan ang gamitin upang maitatag ang representasyong ito, ang karanasan at pinagmulan pa rin ng indibidwal ang magtatakda ng imahe ng isang pigurang pangkasaysayan. Ang indibidwal ay may kakayahang sumalungat sa imaheng inimbento, lalung-lalo na kung nalalayo ang representasyon sa kanyang karanasan sa kasaysayan.

“What makes a home? Love. What is love made real? Beauty.”

- Imelda Romualdez Marcos

Matagal na akong¹ namamangha sa dating Unang Ginang Imelda Romualdez-Marcos (at may ilan taon ko na ring binabasa at sinasaliksik ang kanyang buhay at mga kagagawan (*life and deeds*). Hindi ito nakapagtataka. Kung tagal lamang ng saklaw ng panahon ang pag-uusapan, masasabing napakaimportanteng nang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas at sa mga Piipino ang administrasyon ni Pang. Ferdinand E. Marcos at ang pamamayani ng kanyang unang ginang,

na binansagang “Steel Butterfly” at “The Other President.” Maging sa buong daigdig, naging prominente ang unang ginang, na isa sa mga iilang tao na kilala sa kanyang unang pangalan at nakapasilang sa isang bansag na naging bahagi ng bokabularyong Ingles: *Imeldific*.

Subalit mapapagtanto na hindi pa lubos na mauunawaan ang salitang *Imeldific* hanggang mapuntahan ang Sto. Niño Shrine (Romualdez Museum) sa lungsod ng Tacloban sa Leyte, ang mansyong kanyang ipinatayo noong mga simula ng Dekada 1980.

Ang papel ay isang pag-uulat ng pagbisita sa museo noong ika-25 at 27 ng Oktubre 2006 at personal na pagmumuni-muni ukol sa kahulugan nito. Gamit ang *Kapanahong Kasaysayan* (metodo ng pagsusulat ng kasaysayan sa kasalukuyang panahon na kaiba sa *contemporary history* at *investigative journalism* ng Kanluran), ang mga pagmumuni-muni ay ikokonsulta sa mga bagay na isinulat na ukol kay Gng. Marcos, mga pahayag ng mga taong malapit sa kanya, at sa panayam ng may-akda sa mismong unang ginang. Ang mga kahulugang ito ay ikokonteksto sa mas malawak na kasaysayan at kulturang Pilipino.

Ayon sa kanyang *biographer* na si Carmen Navarro-Pedrosa, hindi naman talaga ipinatayo ang bahay upang matirhan, kundi upang ipamalas (1987, 222). Mababanaag sa disenyo ng bahay at sa iba’t ibang mga kasangkapan mula sa buong kapuluan at sa buong daigdig, hindi lamang ang napakalaking kayamanan at kapangyarihang kanyang natamo, kundi pati na rin ang sinasabing niyang kanyang pinagmulang aristokrata: “*I was born ostentatious. They will list my name in the dictionary someday. They will use ‘Imeldific’ to mean ostentatious extravagance*” (Associated Press 1998). Masasabing bagamat kamangha-mangha na ang aking nakita sa loob ng museo, naisip kong maliit na bahagi lamang ito ng kung anumang natanganan nila ng kanyang asawang si Ferdinand noon.

Makikita rin sa iba’t ibang mga kagamitan sa loob ng bahay kung papaanong nais ipakita (*represent*) ng unang ginang ang kanyang sarili

sa mga dayuhan at sa kanyang mga kababayan: isang babaeng may pinagmulang aristokrata na nararapat sa pamumuno—ang Rosas ng Tacloban; ang mapagmahal at mapagbigay (*compassionate*) na unang ginang mula sa Pilipinas na nagdulot ng maraming magagandang bagay sa kanyang mga kababayan at sa buong daigdig; ang Aserong Mariposa (*Iron Butterfly*); Ang mitikal na si Maganda, ang unang babaeng Pilipina, samakatuwid si Inang Pilipinas mismo; ang Diwata ng Kagandahan na umaahon mula sa Karagatan; Ina ng Bayan. Sa aking personal na opinyon, kung susumahin, ang imahe na nais niyang ipakita ay tulad ng sa sinaunang Babaylan—Daluyan ng Buhay at Ginhawa.

Makikita rin na sa kabila ng sapilitang pagkukubli ng mapait na nakaraan at katauhan ng unang ginang, ang Sto. Niño Shrine ay nananatiling salamin at paalala ng isang madilim na katotohanan. Ang mansyon ay repleksyon ng *megalomania* na kung minsan ay nasa sa atin, ng mga grandiyosong mga pangarap para sa ating sarili ng kayamanan at kapangyarihan. Ang mansyon ay repleksyon din ng panganib na nagbabadya kung may kakanyahang matupad ang mga grandiyoso, o *Imeldific*, na mga pangarap na ito.

Sa huli, anumang representasyon ang nais ipamalas at ilagay ng mga personalidad o institusyon sa pambansang alaala (*national memory*) sa pamamagitan man ng teksto o kongkretong paraan, at kahit gaano kalaking kapangyarihan ang gamitin upang maitatag ang representasyong ito, ang karanasan at pinagmulan pa rin ng indibidwal ang magtatakda ng imahe ng isang pigurang pangkasaysayan. Ang indibidwal ay may kakayahang sumalungat sa imaheng inimbento lalong-lalo na kung nalalayo ang representasyon sa kanyang karanasan sa kasaysayan.

KAPANAHOONG KASAYSAYAN BILANG METHODONG PANGKASAYSAYAN

Ang pagiging unang ginang ni Imelda Romualdez-Marcos at ang pagpapatayo ng mansyon ay ilang dekada pa lamang ang lumilipas. Para sa tradisyunal na *historia*, tila kakaunti pa lamang ang distansya

ng pangyayari para mas obhektibong matingnan ito, lalo at buhay pa ang unang ginang at bahagi pa siya ng ating lipunan. Maaaring emosyonal pa ang magiging salaysay na mabubuo. Subalit, kung iisipin, kailan pa ito maisusulat? Kung hindi na maaaring magsalita sa hukay nila ang mga nakilahok at nakaranas ng mga pangyayari? Nakita kong gintong pagkakataon pa rin na marami sa mga taong nabuhay noon ay buhay pa rin ngayon at maaari pang magkwento. Ayon na rin kay Benedetto Croce, "All history is contemporary history" (1937, 2000, 8). Ibig sabihin, lahat ng mga salaysay tungkol sa nakaraan, gaano man kalaki ang distansya ng mga pangyayari mula sa nakaraan, ay apektado ng mga pananaw sa panahon ng historyador.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang metodolohiya ng Kapanahong Kasaysayan², na kaiba sa *Contemporary History* at *Investigative Journalism* ng Kanluranin. Pahapyaw itong binanggit ni Zeus A. Salazar sa kanyang aklat na *Pangulong Erap: Biograpiyang Sosyopulitikal at Pangkalinangan ni Joseph Ejercito Estrada* (Salazar 2005, v).

Ang Kapanahong Kasaysayan ay kaiba sa *Contemporary History* sapagkat ang huli ay mula sa pangangailangan ng pagsasapanahon ng Kasaysayan ng Europa. Ang salitang *contemporary* ay nagmula sa salitang Latin na *com tempore* o *com temporis*, na ang ibig sabihin ay "nabibilang sa parehong panahon, nabubuhay o nangyayari sa parehong panahon, o nasa parehong edad" (Mayer). Ayon kay Dr. Salazar, nagkaroon ng *Contemporary History* sa Kasaysayan sapagkat humaba na nang humaba ang *Modern History* (*Renaissance, Enlightenment*, at ang rebolusyong Pranses) na sumunod sa *Medieval* o *Dark Ages*. Iba-iba ang sinasabi ng iba't ibang historyador kung kailan nagsimula ang *Contemporary History*. May nagsasabi na ito ay nagsimula sa pagtatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig (1918). Ayon kay Geoffrey Barraclough sa "The Nature of Contemporary History," ito ay nagsimula noong magretiro si Otto Von Bismarck bilang Unang *Chancellor* ng nagkakaisang Alemanya noong 1890 (Barraclough

1967, 10, 15). Sa anumang kaso, hindi ito maaaring iangkop sa Kasaysayan ng Pilipinas, bagamat sa maraming iskolar sa Pilipinas, ginagawa nila itong pantukoy sa ating panahon mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas noong 1945.

Ang Kapanahong Kasaysayan ay kaiba sa *Investigative Journalism* sapagkat, bagamat malaliman at detalyadong nagsasaliksik ukol sa kasalukuyang mga pangyayari at isyu, hindi nito inilalagay ang paksa sa mas malawak na daloy ng Kasaysayan at kapaligiran ng bansa. Maraming beses, ang *investigative journalism* ay napagkakamalian bilang mga akda ng kasaysayan. Iba ang saysay nito sa kasaysayan sapagkat ang mga napapaksa lamang sa *investigative journalism* ay yaong mga isyung maiinit o interesante sa pangkasalukuyang panahon. Nararapat pa nga na ito'y *human interest story*, o mas mainam kung eksplosibo na tila isang *exposé*, upang makabenta ng peryodiko o pakinggan at panoorin ng tao. Iba rin ang metodo ng *investigative journalism* sa metodong pangkasaysayan sapagkat sa una, matapos magtanong sa iilan ay maaari nang iulat ito.

Sa pag-aaral na ito, ang Kapanahong Kasaysayan ay isang metodolohiya kaysa isang pantukoy sa isang partikular na panahon.³ Sa Kapanahong Kasaysayan, ang mananalaysay o historyador at ang sinasalaysayan ay bahagi ng paksa o kasaysayang isinasalaysay. Halimbawa ng mga historyador na nagsalaysay ukol sa mga bagay na kanilang nakita sa kanilang mga kapanahon ay sina Herodotus, Thucydides, Xenophon, at Polybius.⁴ Samakatuwid, hindi nakakahon ang Kapanahong Kasaysayan sa isang partikular na panahon.

Dahil sa kaunting distansya ng Kapanahong Kasaysayan sa sinasaysay nitong pangyayari, hindi itinatanggi ang *bias*, ngunit ito ay nalilimita dahil sa metodong pangkasaysayan na ginagamit (pagsusuri at pag-uugnay ng mga batis, pag-uuri nito bilang mga primarya at sekundaryang batis). At dahil kapanahon nga ang salaysay ng pangyayari, marami ang maaaring magbigay ng paglililaw o

magwasto sa salaysay mula sa mga nabubuhay pang nakilahok sa nasabing pangyayari. Kaya naman nararapat na ihanda ng historyador ng kapanahong kasaysayan sa kanyang sanaysay ang mga sagot sa mga maaaring itanong sa kanya ng ibang historyador o ng ibang pananaw.

Sa diwa ng Bagong Kasaysayan, hindi rin dapat matali sa pagtingin sa nakasulat na dokumento, tulad ng tradisyunal na *historia*, ang Kapanahong Kasaysayan. Dahil sa pagnanais ng Kapanahong Kasaysayan na isalaysay ang pinakabuon karanasan ng mamamayan hangga't maaari (hal., ang pagtutok sa kaisipan o *mentalité*, kalinangan o pang-araw-araw na buhay dagdag sa pulitikal na aspekto ng kasaysayan na madalas na maging tuon), mahalagang pagsama-samahin ang mga metodo ng mga kaugnay na disiplina sa Agham Panlipunan tulad ng Sosyolohiya at Antropolohiya upang mabigyan ng pansin hindi lamang ang mga pangyayari, kundi ang pamumuhay, kaisipan, at kalinangan na nakapalibot sa pangyayari. Ayon sa historyador na si Atoy M. Navarro:

Ang lapit na multi-disiplinaryo/pluridisiplinaryo naman ay tumutukoy sa paggamit ng dalawa o marami pang magkakaugnay na disiplina ng isang dalubhasa, pantas o paham upang maging mabisa ang pag-uugnay ng mga maaaring mga pananaw, pagtingin, pagsusuri at pag-unawa sa paksa. Ibig sabihin nito, hindi lamang saklaw ng mga disiplinang ginagamit ang nalalaman kundi lalo't higit ang *lawak* at *lalim* ng mga ito (Navarro 2000, 26).

Ipinaliwanag ng historyador na si Nancy Kimuell-Gabriel ang pagkakaroon ng multi-disiplinaryong lapit ng Bagong Kasaysayan:

Nalampasan na ng mas makabagong historiograpiya, tulad ng Bagong Kasaysayan (sa Pranses, *Nouvelle Histoire*), ang positibismo. Tinatanggap ng Bagong Kasaysayan ang mga dokumento bilang tradisyunal na batis pangkasaysayan subalit hindi na siya nakakulong lamang sa mga dokumento. Multi-disiplinaryo ang pagdulog ng Bagong Kasaysayan sa pag-aaral kung kaya ang dokumento ay isa na lamang sa

mga batis. Tinatanggap ngayon ang pasalitang kasaysayan (*oral history*) at lahat ng positibong bagay (*positive reinforcement*) na makakapagpatibay na nangyari ang mga pangyayari tulad ng larawan, monumento, artifak, relics, atbp. Ang ganitong *approach* ay tinatawag na *triangulation of sources*: Makapal na dokumento, pasalitang batis at mga *positive reinforcement*. Multidisiplinaryo sapagkat lahat ng disiplina ng agham panlipunan (arkiyolohiya, linggwistika, antropolohiya, sikolohiya, ekonomiya atbp.) ay nagdadayalogo at nagdedebate para patibayin ang isang *historical claim*. Mas suportado ng iba't ibang disiplina, mas matibay ang isang salaysay. Higit ding kumparatibo, kumprehensibo at analitikal ang lapit na multidisiplinaryo (Gabriel 2007).

Liban pa sa dokumento at mga pasalitang mga salaysay, kailangan ding harapin ng isang nagsasaysay ng Kapanahong Kasaysayan ang iba't ibang mga bagong anyo ng batis tulad ng mga larawan; gawang-sining; brodkast sa radyo; audio-biswal na mga presentasyon tulad ng mga *raw footages*, dokumentaryo at pelikula; at *cyberspace*; at ituring ang mga ito bilang bahagi ng literatura. Ang pagkilatis sa mga ito ay tulad din ng pagkilatis sa mga dokumento at pasalitang salaysay. Malaki ang maitutulong ng mga ito upang lalong maging dinamiko, makabuluhan at buhay ang salaysay.

At bagamat ang Kapanahong Kasaysayan ay nagsasaysay tungkol sa mga kasalukuyang pangyayari sa panahong isinusulat, naikokonekta niya ito sa mas malawak na pambansang heograpiya, opinyon, at epektong pambansa, sapagkat sagap ng historyador ang pangkalahatang daloy ng kasaysayan. Sa madaling salita, ang Kapanahong Kasaysayan ay “salaysay na may saysay sa mga kapanahon na nakapaloob sa isang mas malawakan at matagalang kasaysayan bilang kamalayang pangkalinangan.”⁵

Samakatuwid, ang ipinapadamang saysay sa atin ng metodong ng Kapanahong Kasaysayan ay ito: Iginigiit nito na ang indibidwal at ang Bayan na sinasalaysayan ay bahagi ng Kasaysayang binubuo.

Nang ipanganak ako noong 1984 sa Tarlac, Tarlac, 125 kilometro mula sa Maynila, nakaupo pa rin ang mag-asawang Ferdinand at Imelda Marcos. Bahagi pa rin ako ng kanilang panahon, at sa aking paglaki, nakita pa ang maraming epekto ng kanilang mga naging pagkilos sa bansa at sa Maynila. Sa pagsasaysay ko ng paksang ito, ginamit ko ang mga kapanahong dokumento at iba pang mga bagong anyo ng batis, at kinapanayam ko at kinunsulta ang iba't ibang tao na nakibahagi o nakaranas ng panahong aking pinapaksa. Si Imelda mismo bilang *performer* ay isang tekstong interesanteng basahin, kaya kailangan ding suriin ang kanyang mga kilos sa mga panayam.

Kailangang banggitin na dalawang beses lamang nagkaroon ng pagkakataon na mabisita ng may-akda ang museo, noong ika-25 at ika-27 ng Oktubre 2006. Bawat pagbisita ay tumagal ng isang oras. Upang wastong maisalarawan ang lugar, kumuha ng tinatayang 200 mga *digital images* mula sa museo. Ang mga kakilalang taga-Leyte na kinuhanan ng opinyon ay nakapanayam na lamang sa pamamagitan ng *text messaging* at *e-mail* sapakat hindi na nagkaroon ng pakakataon pa na makabalik ang may-akda sa Lungsod ng Tacloban.

MGA OBSERBASYON SA PAGBISITA

Bata pa lamang ako, nakikita ko na ang larawan ng Sto. Niño Shrine sa kwarto ng aking Tito Kok-chin sa aming bahay sa Tarlac. Hindi ko pa alam noon kung ano ito pero gandang-ganda na ako. Tapos, nakita ko ito sa telebisyon at nalaman kong ito pala ang bahay na ipinatayo ni Imelda. Noon pa ma'y naging pangarap ko na ang makapunta sa lugar na iyon. Lalo itong nag-igting nang noong 1997, naging ganap ang aking interes sa panahon ng pamumuno ng dating Pang. Ferdinand E. Marcos at ng kanyang kabiyak.

Natupad ito noong tumungo ako sa Tacloban para sa Ika-27 Pambansang Kumperensya sa Lokal at Pambansang Kasaysayan ng Philippine National Historical Society (PNHS). Ilang oras lamang matapos ang aking paglapag sa Pandaigdigang Paliparan ng Daniel

Z. Romualdez noong ika-25 ng Oktubre 2006, nasa harapan ko na ang napakagandang bahay—ang dambana para sa batang si Hesus na tinawag ding Romualdez Heritage Museum. Sinamahan ako ng aking mga kamag-anak sa Tacloban na sina Zenaida Ongbit-Derecho at ng kanyang dalawang anak na sina AJ at KJ.

Ang bayad sa pagpasok ay PhP 200.00 sa bawat lima katao at dagdag na PhP 20.00 sa bawat sobrang isa (kasama sa bayad ang isang *tour guide* na gagabay sa inyong pag-iikot sa museo). Pinapayagan din ang pagkuha ng imahe sa kaukulang halaga na PhP 200.00 (video camera), PhP 30.00 (still camera), o PhP 20.00 (cellular camera). At dahil bahagi ng diumano’y di-maipaliwanag na yaman ng mga Marcos, ang museo ay pinangangasiwaan ng Presidential Commission for Good Government (PCGG).

Sa kabila ng aking matagal nang pagkamangha kay Imelda, hindi pa pala ako naihanda sa aking nakita sa loob ng museo. Ang *Imeldific* sa aking isipan ay pulubi pa kung ikukumpara sa nakita kong karangyaan sa museo.⁶ Sa dami ng kasangkapan na makikita sa loob ng mansyon, hindi ko mailalahad ang lahat ng laman ng museo, bagkus sisikapin kong ilarawan ang iba’t ibang silid at ang mga kapansin-pansing bahagi ng mga ito.

Bubungad sa bisita ang isang malawak na kapilya na may altar para sa Sto. Niño, ang patron ng Tacloban. Sa harap ng altar, itinuro ng aming gabay ang kisame na tila banig (banig ang isa sa mga kilalang produkto ng isang bayang malapit sa Tacloban, ang Basey, Samar). Tsaka niya ipinaliwanag na hindi banig ang aming nakikita kundi pira-pirasong kahoy na pinagdikit-dikit upang magmukhang banig at makikita ito hindi lamang sa kisame ng kapilya kundi sa mga pader ng iba pang bahagi ng mansyon. Makikitang kamangha-mangha ang obsesyon sa detalye ng unang ginang. Sa dalawang magkabilang bahagi ng kapilya makikita ang dalawang malalaking *mosaic* na nagpapakita ng Sagradong Puso ni Hesus at ng *la Inmaculada Concepción*.

Sa paligid ng kapilya, matatagpuan ang ilang *guest rooms*, na may iba't ibang tema sa bawat silid—halimbawa ang Ilocandia Room, Ifugao Room (may mga Bullol, na anito ng pagtatanim), Bicolnon (abaca naman ang *motif*), Muslim Room, Baguio Room, Butterfly Room (na mayroong iba't ibang koleksyon ng mga kagamitang may disenyong paru-paro—tumutukoy kay Imelda bilang *Iron Butterfly*), Coconut Room, atbp. Ang pinakamalaking silid sa mansyon ay ang isang *guest room* na tinatawag na Shell Room (pinalamutian ng mga kabibe, maging unan ay hugis kabibe). Kay Prop. Carlos Tatel Jr. ng UP Departamento ng Antropolohiya, kahawig nito ang isang mas naunang proyekto ni Gng. Marcos, ang *Nayong Pilipino*, na nagnanais magbuo ng pagkakakilanlang pambansa na naka-ugnay sa mag-asawang Marcos.

Bawat isang silid ay may isang palikuran, ilang mga likhang-sining (karamihan ay gawa ni Mauro Malang, bagamat sinasabing mayroon ding mga Fernando Amorsolo ngunit sa kamalas-malasa'y nawala na ang mga ito), at may isang dayorama (katulad ng nasa nasa Ayala Museum) na nagpapakita ng iba't ibang yugto sa opisyal na talambuhay ni Imelda. Ito ang deskripsyon ng bawat isa:

1. Ang batang si Imelda kasama ang kanyang ama na si Vicente Orestes Romualdez, ina na si Remedios Trinidad, at yaya (si Estrella Cumpas, na naging mahalagang batis ni Carmen Pedrosa sa *The Untold Story of Imelda Marcos*), sa harapan ng kanilang tahanan sa Kalye Hen. Solano sa San Miguel sa Maynila (Polotan 1970⁷, 54-55; at Pedrosa 1969⁸, 10-82).

2. Ang batang si Imelda, sa tabing dagat, habang nililikha sa buhangin ang kanyang mga pangarap—isang simpleng bahay sa tabing dagat at isang lalaking mapapangasawa (makikita sa pintura ang mukha ni Pang. Marcos). Sa aming panayam sa kanya, kanyang sinabi:

All that I dreamt was to have a little house, with a little picket fence by the sea. Little did I know that I will live in Malacañang

*Palace, for more than 20 years. And all the major palaces of mankind! Lahat iyan! It came to a point in my life there was nothing I could not buy under the sun. My dreams were small with the realities of my dreams had become.*⁹

3. Ang ulila sa inang si Imelda sa loob ng kanilang bahay-kubo sa Leyte habang nagaganap ang pinakamalaking labanan sa kasaysayang pandagat—ang Labanan sa Leyte Gulf noong Oktubre 1944 (Polotan 1970, 58-59; Paterson 1998, 141; at Diaz 2003).

4. Ang dalagang si Imelda bilang Rosas ng Tacloban, kaakit-akit sa ganda, pinuno ng mga mag-aaral sa Sta. Scholastica (Polotan 1970, 62-65).

5. Si Imelda bilang *secret weapon* ng kanyang kabiya, si Ferdinand Marcos, sa kanyang pag-angat sa pulitika. Sa dayorama makikita silang umaawit sa mga taga-barrio nang tumakbo si Marcos sa pagkasenador (Polotan 1970, 74).

6. Si Imelda, matapos humawak ng mahalagang papel sa kampanya para sa pagkapangulo ng kanyang asawa, bilang unang ginang kasama ang kanyang pamilya sa pasinaya ni Ferdinand Marcos bilang Pangulo ng Republika ng Pilipinas, ika-30 ng Disyembre, 1965 (Polotan 1970, 150-153).

7. Si Imelda bilang patron ng sining sa kanyang unang malaking proyekto—ang Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (Cultural Center of the Philippines—CCP) (Polotan 1970, 151-161; Gagelonia 1979, 93-94).

8. Ang pinakamalaking dayorama malapit sa hagdanan, na nagpapakita ng kanyang iba't ibang mga kagagawan—ang pagpapatayo ng National Arts Center sa Bundok Makiling, at ang pagpapasinaya nito kasama ang Pang. Marcos, Dame Margot Fonteyn, Van Cliburn at George Hamilton, mga artistang kinikilala sa daigdig; ang kanyang mga proyektong pabahay tulad ng BLISS (Bagong Lipunan Improvement of Sites and Services); at ang University of Life (UL).¹⁰

9. Si Imelda bilang tagapagtaguyod ng pagsasaliksik at pagpapalaganap ng bigas.

10. Si Imelda bilang tulay ng Pilipinas sa daigdig—nagtatalumpati sa Pangkalahatang Kapulungan ng mga Nagkakaisang Bansa, at kasama sina Pang. Jimmy Carter (Estados Unidos), Tagapangulong Mao Zedong (Tsina), Premier Leonid Brezhnev (Unyong Sobyet), Papa Juan Pablo II, at Kol. Muammar al-Gaddafi (Libya) na napapayag nitong itaguyod ang kapayapaan sa Mindanao sa pamamagitan ng Tripoli Agreement.

11. Sa huling apat na mga dayorama, makikita ang aktibong unang ginang sa kanyang mga proyekto tulad ng Dagat-Dagatan Foreshore Housing Project; ang pagpapalaganap ng kanyang mga pilosopiya ukol sa *Compassionate Society*; ang kanyang pagpapatupad nito bilang unang ginang, Gobernador ng Maynila at Ministro ng Human Settlements; at ang kanyang pagbibigay ng hanapbuhay at kalusugan (Philippine Heart Center for Asia) sa kanyang mga mamamayan bilang Ina ng Bayan.¹¹

Sa likuran ng kapilya malapit sa hagdanan ay mayroong isang bulwagan na tanggapan ng mga bisita. Kapansin-pansin ang isang malaking kahoy na ukit ng Malakas at Maganda, na nagpapakita ng pag-uugat ng mag-asawang Marcos, na ama at ina ng bansa, sa unang Pilipino at Pilipina na lumitaw nang sabay mula sa isang punong kawayan, samakatuwid, pantay sa isa't isa.¹² Sa aming panayam kay Imelda, ipinaliwanag niya ang kanilang kaugnayan sa unang mga Pilipino:

Pres. Marcos and I go back to our cultural genesis of Malakas and Maganda. I do because we are so proud of our culture. While we have been more or less taught, that the cultural genesis of mankind was... the first creation of God was Adam and from the rib of Adam was woman and there was doubts if the women had souls because we were just extension of men and worse eventually Adam was the weakling who succumb to the evilness of Eve and Eve is

suspected to be the root word for evil. So how terrible for such a beginning! And on top of that the original sin and then that to start with, humanity was thrown out of paradise because of these two sinners who were suppose to be our forebears, I don't like that. I like our culture, our culture by a divine whim a bamboo was split, together man and woman was born, man was called si Malakas and woman was to be Maganda, ... and how to use the two. Marcos ensured that Malakas will be used for peace and not for war, otherwise we still be in the law of the jungle, might is right, survival of the fittest.¹³ Then, Maganda in history [nagbulong sa sarili, tila may nais alalahanin]. When I was asked who is your idol in World History? Was it Cleopatra, was it Shiva, was it Eva Perón? Neither! Not one of them, why? Because they used beauty for conquest, beauty for seduction, and beauty even for prostitution, and so when I thought, when I was being interviewed and of all interviews the Playboy magazine, "Who's your idol, Mrs. Marcos?", I said the Blessed Virgin Mary and of course they ridiculed me and laughed at me. But it was true because I could not find somebody known in history and in the world as somebody... How did they use beauty? Beauty is for giving, beauty is for nurturing, caring, for love, beauty is not for me, so I start with your answer I go back to our beautiful cultural genesis of Maganda and Malakas... Now, plus the fact that by cultural genesis, in our culture, I have to be beautiful!¹⁴

Ang kisame ng bulwagang ito ay napapalamutian ng mga maliliit na mga ilaw na tila mga alitaptap. Ang pagkamangha ng batang Imelda sa alitaptap ay nadala niya hanggang sa pagiging unang ginang. Nagpapahuli siya ng mga alitaptap upang magliwanang ang kanyang mga piging (Pedrosa 1987, 222). Napapagitnaan ang bulwagan ng isang *fountain* na gawa sa kabibe at mga korales, at sa tabi ay isang rattan na *sala set* na nagmula sa Tacloban, liban pa sa iba pang mga kasangkapan.

Sa dulo ng unang palapag matatagpuan ang isang mahabang silid-kainan na makapaglulunan ng 20-katao. Ang silid ay *soundproof*. Malapit sa hagdanan, makikita ang isang salamin na may disenyong nagmimistulang mula ito sa Ehipto. Pinapaniwalaan ni Imelda na nang pagtangkaan ang kanyang buhay sa Nayong Pilipino noong ika-7 ng

Disyembre 1972, nakita niyang iniligtas siya ng espiritu ng isang reyna ng Ehipto (Paterson 1998, 356-357). Sa hagdanan, na may pulang karpét, makikita ang ilang mga larawan ni Pang. Marcos na pinagigitnaan ng dalawang istanteng salamin na nagtataglay ng iba't ibang koleksyon ng garing (*ivory*) mula sa Tsina. Makikita rin ang isang malaking *mural* ng Español na pintor na si Betsy von Westendorp de Brias na nagpapakita ng *family tree* ng pamilyang Romualdez—si Vicente Orestes Romualdez katabi ang kanyang dalawang naging kabiyak; sa paligid nila, ang mga magkakapatid sa ama. Sa tuktok ng *family tree*, si Imelda, bilang pinuno ng pamilyang ito na minsa'y umapi sa kanila ng kanyang ina sapagkat sila ay mga anak ng pangalawang pamilya lamang (Pedrosa 1969, 54-82).

Sa ikalawang palapag, may isang malawak na *Grand Ballroom* kung saan makikita ang mga malalaking *chandelier* na kahoy na replika ng mga nandoon sa Malacañang. Sa gitna ng bulwagan ay mayroong isang asul na karpét. Nakakalat sa silid ang iba't ibang lamesa na nagtataglay ng iba't ibang larawan ng unang ginang kasama ang iba't ibang lider ng daigdig; ilang mga sala set, ang isa yari sa narra na nagmula sa Pampanga; iba't ibang mga antigong banga mula sa Tsina, at mga manikang Ruso. Hindi gaanong maliwanag ang silid kahit buksan ang mga ilaw; sadyang napakalaki nito, bagamat sa isang dulo ng bulwagan, nagbibigay rin ng liwanag ang mga *stained glass* na bulaklakin.

Samantala sa kabilang dulo ng bulwagan makikita naman ang dalawang pares ng mga trono, na tila pinasadya. Ang isang pares ay nagtataglay sa ibabaw ng isang hindi pamilyar na *coat-of-arms* na nagpapakita ng araw ng Katipunan na pinagigitnaan ng dalawang kabayo sa ibabaw ng isang kabibe. Dito rin inilagay ang mga trono ng Pang. Marcos at ng Papa Juan Pablo II nang bumisita ang huli sa Palasyo ng Malacañang sa Maynila noong Pebrero 1981 na nagtataglay sa pulang *upholster* ng sagisag ng dalawang lider.¹⁵ Sa pader kung saan naroroon ang dalawang trono, makikita ang higitang *mural* na

nagpapakita kay Imelda bilang Aphrodite na umaahon mula sa karagatan. Ang perlas ng silangan tangan-tangan sa kanyang mga bisig ang kabibeng nagtataglay ng mga mukha ng kanyang apat na anak—ang ampong si Aimee, Imee, Bong Bong, at Irene. Sa likod ni Imelda ay ang Pang. Marcos bilang si Malakas. Pamilyar ang imaheng ito. Katulad ito ng nasa aklat na si *Malakas at Maganda* na ipinagawa ng arkitekto mismo ng mansyong ito, si Jorge Ramos, bilang papuri kay Marcos at Imelda. Sa kasamaang palad, pinapigil ni Imelda ang pamimigay nito kaya naman mahirap makahanap ng kopya aklat (Ocampo 1993, 214-217; at Lico 2003, 46-47). Ang mga paglalarawan sa sinasabing pinakamagandang disenyo ng aklat na nilimbag sa Pilipinas ay nilikha ng pintor na si Leonardo Cruz.¹⁶

Sa gitna ng ikalawang palapag, may bulwagang punong-puno ng iba't ibang kasangkapan. Sa gitna nito ay isang lamesa na may mga larawan ng mag-asawang Marcos at sa ibabaw nito ay isang busto ni Imelda, na nakalugay ang buhok, isang pambihirang representasyon sa kanya. Makikita rin dito ang ilang sala set, kabilang na ang isang silyang yari sa pilak mula sa Espanya, ilan pang mga banga, isang larawang pintura ni Imelda, at isang *piano* na sinasabing mula sa España at ginawa noong 1901.

Sa dulo ng ikalawang palapag, matatagpuan ang isang mahabang silid-kainan na makapaglulunan ng 30-katao. Ang silid ay *soundproof*. Nakakalat sa ikalawang palapag ang mga pribadong silid ng unang pamilya. Ang silid na iniukol sa dating Pang. Marcos ay may dingding na mula sa balat ng hayup na pinagmukhang banig. Patungo sa *four-poster bed* ng pangulo, na napapalamutian ng mga kurtina, makikita ang ilang mga aklat at isang arkong may disenyo ng puno ng niyog. Kapansin-pansin ang isang lumang globo na kung bubuksan ay lalagyan pala ng alak. Sa tabi ng silid ng pangulo ay ang silid para kay Hen. Fabian Ver, ang pinuno ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas. Sa pagitan ng kanilang mga silid ay isang palikuran at paliguan na kumon para sa dalawang silid. Nakita ko sa kaayusang ito kung gaano

katindi ang personal na pagkakaibigan at pag-alalay ni Hen. Ver sa Pang. Marcos.

Ang mga batang mga Marcos ay mayroon ding kanya-kanyang silid. Ang silid ni Bong Bong ay mayroon ding *four-poster bed*, at isang *sala set* na mula pa sa Rusya. May tanggapan din siya kung saan matatagpuan ang ilang sertipiko at ilang mga aklat. Hinahati ang silid ng isang salaming kinalalagyan ng mga lumang perang Pilipino. Kapwa may bakal na kama mula sa Inglatera ang silid nina Imee at Irene. Mayroon ding sariling silid ang noon ay maliit pa lamang na si Aimee na may dalawang maliliit na kama. Ang isang kama ay para sa yaya.

Siyempre, hindi magpapahuli ang silid na para kay Imelda. Papasok pa lamang sa maliit na pasilyo, mapapansin na ang linya ng mga maliliit ngunit eleganteng *chandelier*. Ang dingding ng napakalaking silid at ang sapin sa kama ay gawa sa telang *jusi* na pinintahan sa kamay at binurdahan. May dalawang salamin na magkaharap, kaya nagmimistulang walang katapusan ang haba ang silid at ang dami ng *chandeliers*. Sa isang tabi, may *pink* na *sala set* na kakulay ng mga banga at ng kurtina. Mayroon ding harpa, isang estatwa ng birhen, at mga replica ng St. Basil's Cathedral sa Muskoby. Mayroon din itong malaking banyo na malaki pa sa *guest room* na may *jacuzzi* sa tabi ng isang *mural* ng baybayin, at karpit na nagmula sa Italya. Sa kaloob-looban ng banyo ay may palikuran. Nakakalat sa CR ang iba't ibang mga regalong pagbati sa unang ginang.

KAPABAYAAN

Sa paglabas, aalukin ang turista ng mga *display* na alaala tulad ng mga *handicraft* at *postcard* ukol sa Tacloban, at isang album ng mga lumang larawan ng museo sa halagang PhP 300.00. Sa mga larawang ito, na sa aking palagay ay kinunan noong 1986 pagkatapos na pagkatapos ng pagbagsak ng mga Marcos, makikitang tila minimal ang naging pagbabago sa taong 2006, dalawampung taon ang

nakalipas. Tila hindi masyadong ginalaw ang pagkakaayos ng mga kagamitan, na maganda sapagkat may ideya tayo kung paanong iniwan ng mga Marcos ang bahay.

Sa kabilang banda, sinasabing mayroon nang mga nawala, at ayon sa isang dokumentaryo, mayroon pang ibang kagamitan na naluluma sa loob ng mga *storage rooms* nila tulad ng mga *Russian icons* na nabubulok na sa loob ng mga kahon.

Dahil hindi na masyadong ginagamit ang *air-conditioning* ng mansyon, madaling masira ang mga kagamitan at ilang mga bahagi nito. Sa katunayan, may isang pintuan na minsan nang inanay. Pinapahintulutan din na hawakan ang mga kagamitan, upuan ang mga *muebles*, at kuhanan ng retrato ang mga pintura. Bagamat may maganda itong intensyon na gawing *interactive* at ibalik sa mamamayan ang mga yamang ito, sa kalaunan, magkakaroon ng sira ang mga kagamitan at maaaring hindi na makita ng mga susunod na henerasyon ng bisita.

Makalipas ang ilang araw pinuntahan ko ang likuran ng museo at nakita kong bagamat sa harapan tila maganda pa rin ito, sa mga bahaging natatago sa publiko ang mansyon ay unti-unting nawawasak ng kapabayaan at tuwirang paglapastangan.

Ayon kay Prop. Tatel, ang mansyon ay salamin ng ating pakikitungo sa mga Marcos—dahil sa ating maiksing pag-alaala, pinapabayaan lang natin sila. Hinahayaan lang natin silang magbalik.

MGA IMPLIKASYON SA REPRESENTASYON AT KAPANGYARIHAN

Hindi nanirahan sa tahananang ito si Imelda; minsan lang siyang natulog dito.¹⁷ Ang mga silid para sa iba't ibang miyembro ng pamilya Marcos ay ipinatayo hindi upang matirhan, kundi upang ipamalas (*showcase*). Sa bahay na ito na sa katotohanan ay isang museo, masisilayan ang teksto ng kanyang representasyon sa sarili.

Kailangang banggitin na anumang imahe na itinatag ni Imelda para sa kanyang sarili ay may pahintulot ng kanyang kabiya, ang Pang. Ferdinand Marcos. Lubos na makikita ito sa papapataw ni Marcos sa unang ginang ng kanyang sariling opisyal na katungkulan bilang Ministro ng Human Settlements at Gobernador ng Metro Manila at sa pagpapahintulot niya na gamitin ang lahat ng kapangyarihan at kayamanan upang mapatunayan ang mga ito sa pamamagitan ng mga mararangyang kasuotan at mga proyekto. Nagamit din ang *crony media* at iba pang anyo ng medyang pambalana upang ipalaganap sa mga mamamayan ang imaheng ito. At napakilos ang pamahalaan, ang militar, at ang pulisya upang mapanatiling nasa ilalim ng kanilang kontrol ang sinumang matukoy na sumalungat sa imaheng ito.

Nais ni Imelda na ipakita sa mga tao na mayroon siyang *ancestral house* sa Tacloban, na nagpapakita ng kasaysayan, at ambag sa kasaysayan, ng pamilyang Romualdez. Masasabing may intensyong lumikha ng mito (*myth-making*) sa pagkakatatag ng mansyon. Nagpapirma ako ng *postcard* ng Sto Niño Shrine sa alkalde ng Tacloban, si Alfredo “Bejo” Trinidad Romualdez na kapatid ni Imelda, noong ika-25 ng Oktubre 2006. Sa likuran ng *postcard*, kanyang isinulat,

Thank you for appreciating this ancestral place of the Romualdez family. This has been owned since 1800. Hope this can add up to your historical data.-Bejo Romualdez.

Ang bahay ay itinayo noong Dekada 1980 lamang. Sa aking palagay, ninanais palakihin ng mga Romualdez ang kanilang malaki nang papel sa kasaysayan ng Leyte. Nang maging unang ginang si Imelda, nagpatayo rin siya ng isang bahay bakasyunan sa Olot, Tolosa, Leyte, sa tabing-dagat kung saan lumaki ang kanyang ama. Tinawag niya itong *Kalipayan* (Waray para sa kaligayahan). Ayon sa mga publisista ni Imelda, itinatag ng mga Romualdez ang bayan ng Tolosa (Pedrosa 1987, 21). Sa katotohanan, Dekada 1870 na, wala pa ring prestihiyosong Romualdez sa Leyte. Ang mga Romualdez noon ay isang simpleng pamilya sa Pandacan, Maynila. Lumipat ang lola ni

Imelda doon sa Tolosa at sa lugar na iyon nagsimula ang kanilang magandang kapalaran at pumaimbabaw na sa kamalayan ng mga Leyteño. Ayon kay Carmen Navarro Pedrosa, *“The Romuladezes did not build Tolosa; but rather, Tolosa built the early Romualdezes”* (Pedrosa 1969, 14, 22-23).

Nais niyang ipakita ang kanyang pinagmulang aristokrata upang kilalanin siyang nararapat na mamuno, kapantay ng pangulo. Ang mga muebles at kagamitan mula sa iba’t ibang panig ng mundo, lalo na sa Espanya, Tsina, at Rusya, ay hindi lamang nagpapakita ng napakaraming mga lugar na napuntahan at ang lawak ng kanyang impluwensya sa pandaigdigang larangan.¹⁸ Nagpapakita rin ito ng sinasabing iba’t ibang dugo na nalalaytay kay Imelda. Ayon sa aming panayam sa kanya:

In the Romualdez family we have a family tree that goes for several centuries back, and even for many countries back in China, Georgia and Russia and all of that where my forebears come from.

Na ang kanilang dugo ay nagmula pa sa Europa – maaaring pinalaki na lamang nila ito bagamat ang ama ng lola ng tatay ni Imelda ay isang prayleng nagngangalang Francisco Lopez na nagmula sa Sevilla, España (Gagelonia 1979 6; at Pedrosa 1969, 15-19).

Ang salitang *Imeldific* ay isang kataga ng kanyang mga kritiko para sa kanyang karangyaan na ngayo’y pinagsasaluhan na rin ng marami sa daigdig. Sa isang *online* na diksyunaryo (<http://www.wordspy.com/words/imeldific.asp>), ang salitang ito ay nangangahulugang *“ostentatiously extravagant to the point of vulgarity (from Imelda Marcos, shoe collector extraordinaire).”* Subalit may sariling meaning at meaning-making din ang unang ginang sa termino. Ayon kay Dr. Milagros C. Guerrero, retiradong propesor ng Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, *“Imeldific, hindi nanggaling kay Imelda pero inangkin niya.... Post-critics Imeldific is Imelda’s Imeldific na nagbago.”* At ang kanyang sariling kahulugan sa salitang ito ay siya ring

ginagawa niyang katwiran sa lahat ng kanyang karangyaan. Nasabi niya sa amin noon, bilang bahagi ng kanyang sinusundang script¹⁹:

They ridicule me all the time, "Si Imelda, the good, the true, the beautiful!" The truth of the matter is that I was trying to be rational, because it was no less than Plato who trying to rationalize ...God is made real when you see something good, beautiful and true, that is God. And so I said about that ...the good, the true, and the beautiful, that's really God made real. Now they laughed at me, they ridiculed me, I have so many names: Imeldific – meaning extravagant, excessive, frivolous, vulgar... But look at vulgar, if you will go to the dictionary, some people made me a little more studious, vulgar is a Greek word, meaning excessive... excessive beautiful. I don't mind being excessive beautiful! Then in the ideological dimension of beauty, beauty is discipline, beauty is order, is harmony, beauty is art. And in the theological dimension of beauty, God and love is made real in what is beautiful. Now, plus the fact that by cultural genesis, in our culture, I have to be beautiful! No, allergic ako sa pangit, at yun naman talaga ang Pilipino eh.... Kaya ako ngayon buong mundo pangalan na lang sa kin Imelda, nawala na ang Marcos at tsaka kuwan. Kilala'ng Imelda kasi ako lang ang namimilit dito sa mundo, para akong sira na ako lang, like a good Filipino, ako lang namimilit na maging maganda, kasi ayaw ko talaga ng pangit kasi di sa kultura natin eh, di natural sa atin yun... Use beauty for giving, for love. Iba tayo and when you give beauty selflessly and endlessly that is mothering. Mothering is a selfless and endless giving of the good, the true, the beautiful.

Nais niyang ipakita sa bahay na bilang *Imeldific*, siya ang daluyan ng Kabaitan, Katotohanan, Kagandahan (the Good, the True and the Beautiful)—*Lady Bountiful*. Nais niyang ipakita ang iba't-ibang papel na nilikha niya para sa kanyang sarili sa kasaysayan at lipunang Pilipino: ang mapagmahal (*compassionate*) na unang ginang mula sa Pilipinas na nagdulot ng maraming magagandang bagay para sa buong daigdig; ang Aserong Mariposa (*Iron Butterfly*); ang mitikal na si Maganda, ang unang babaeng Pilipina, samakatuwid si Inang Pilipinas mismo; at ang Diyosa ng Kagandahan na umaahon mula sa

Karagatan. Sa madaling salita, ang Ina ng Bayan. Ayon sa aming panayam sa kanya:

"Because maski anong sabihin mo, anak ko ang bayan ko, e. Yung Pilipino, anak kong lahat iyan e. Once a mother, naging nanay ka niyan e. Di naman maaalis iyan e."

Sa aking opinyon, kung susumahin, ang imahe na nais niyang ipakita sa mga Pilipino ay tulad ng sa Babaylan—Daluyan ng Buhay at Ginhawa. Sa pag-aaral ni Zeus A. Salazar, ang Babaylan noong unang panahon ang "pinakasentral na personahe sa ating lipunang Pilipino sa larangan ng kalinangan, relihiyon, at medisina... ang namamahala sa kabuoang mitolohiya ng bayan" (1999, 6-7). Bilang unang ginang at kapantay sa kapangyarihan ng pangulo, si Imelda ang tagapangalaga ng sining, tagapagsalaysay ng kasaysayang kumon tulad ng ipinamalas niya sa kanyang paradang *Kasaysayan ng Lahi* sa pagbubukas ng kanyang Folk Arts Theater (Trofeo 1974)²⁰, at daluyan ng buhay at ginhawa. Ayon kay Salazar (1976), ang ginhawa ang espiritu o kabuuran ng buhay, ang pinakasimulain ng buhay. Batay sa kaalamang bayan, pinalalim pa ang kahulugan na ito ni Salazar:

...the human being's life force...was most probably known amongst most Filipino groups as "ginhawa." ...the ginhawa has its seat somewhere in the intestinal region, often in the liver or atay. In Encarnacion's Visayan dictionary (1851), in any case, the term "guinhaoa" means "stomach, and the pit of the same stomach; to live, to breathe, respiration, vital spirit; metaphorically, what is taken upon eating for being that which, with nutrients, give life to all living things; ...sometimes and with relative frequency, the term guinhaoa is understood to mean character, disposition, condition, for the good or the bad..." Much earlier, in 1637, Mentrída gave practically the same meaning to "ginhawa," including that of "taste" or "appetite." (Salazar 1983, 99-100)

Ang representasyon ni Imelda sa kanyang sarili ay ang Daluyan ng Buhay at Ginhawa—nagpagamot ng mga maysakit, nagpakain ng mga nagugutom, nag-aruga sa mga mahihirap upang magkaroon sila ng ginhawa. At bilang ina, tagapagdala ng buhay at ginhawa. Nang

muli ko siyang makapanayam noong 2008, tinanong ko kung siya ay may kamalayan ukol sa babaylan, ang sagot niya ay mayroon, at inutos niya sa kanyang kasama sa bahay na ilabas ang aklat na *Malakas at Maganda*.

Nais niyang ipakita na tulad ng babaylan, ang kanyang papel ay mahalaga sa lipunan. Mababanaag sa iba't ibang mga kasangkapan mula sa buong kapuluan at sa buong daigdig, at sa disenyo ng bahay, ang napakalaking kayamanan at kapangyarihang kanyang natamo at masasabing bagamat kamangha-mangha na ang aking nakita sa loob ng museo, maliit na bahagi lamang ito ng kung anumang natanganan nila ng kanyang asawang si Ferdinand noon. Kay Imelda, ang kagandahan ay kapangyarihan. Kaya naman sa aking paglabas ng museo, muli kong napatunayang tama si Michel Foucault:

"...If I want people to accept me as king, I must have a kind of glory which will survive me, and this glory cannot be dissociated from aesthetic value. So political power, glory, immortality, and beauty are all linked at a certain moment." (Foucault 1984, 353-354)

Ayon kay Dr. Guerrero, may uniberso na tinitirhan si Gng. Marcos, at nagbibigay siya ng biyaya kahit mag-isa lang siya sa uniberso na iyon. Inihalintulad niya ito sa sinaunang babaylan,

"Sa daigdig ng babaylan, mag-isa lang siya, pero habang kumikilos siya in a trance, nabibiyayaan yung mga taong nakapaligid sa kanya. Kaya siguro yung entire Martial Law regime trance lang sa kanya yun e."

Kaugnay nito, mapapansin na kapag kausap nga si Gng. Marcos, tila lumilipad ang kanyang isip sa ibang mundo na kanya namang inamin sa amin,

"So I'm so sorry for the long explanation. That's why people cannot understand, they think I'm crazy, I'm always in cloud 9, which is in a way true."

Subalit ang representasyon ni Imelda na ipinakita sa bahay na ito ay hindi lahat maluwalhati. Makikita na sa kabila ng sapilitang

pagkukubli ng mapait na nakaraan at katauhan ng unang ginang, ang Sto. Niño Shrine ay nananatiling salamin at paalala ng isang madilim na katotohanan. Makikita ng isang nakakaalam sa mapait na pinagdaanan ng batang Imelda ang ilang paalala nito sa magarang mansyon. Tulad ng lumang *piano*. Nang makita ito, aking naalaala ang minsang sinabi ni Imelda sa aming panayam sa kanya:

I was lucky because I lived in a house where my father, ...a very good-looking guy and all that. My father was a doctor of laws, dean of the college of law, my father with highest honors, my father could compose music, he was a renaissance man in short. And then my mother was just a perfect housewife, was also a scholar in the UP for music, she taught us piano and all of that, she cooked beautifully, she fixed our house beautifully. In short, ...when I was a little girl my senses was really sharpened in beauty, first with love then again yung tingin ko, pang amoy malinis at masarap yung pagkain, ...yung tenga ko I could hear music everywhere, my...and then, my sense of touch because my mother used to make a silk cloth for babies, so she had...she was using a lot of silk, when we were small yung mga sobra niyang ginagawa niya na mga silk sheets, ...so silk sheet din yung amin. So my senses was [sic] enhanced, and I was surrounded with beautiful music and full of love and also I gained a lot of self-confidence because every time there would be people coming at that point of time yung star noon na famous sa world si Shirley Temple, eh ako binibihisan ako ng mommy ko nang maganda na Shirley Temple. Pagkadating ng mga tao dun ako ilalagay sa gitna ng sala, may lamesa dun kakanta na ako. "...Lolita, it's a nice [di maintindihan] and the bom bom plane, lemonade and chocolate."

Maluwalhati ang pag-alala ni Imelda sa kanyang kabataan, na kaiba sa paglalarawan sa amin ng kanyang anak na si Imee, "E ganun, at saka yung tatay niya, pag minsan may pera, kung minsan wala. Pag walang pera, tutugtog ng *piano* para makalimutan yung gutom. Beethoven ang kinakain, yung ganon."

Ang mansyon mismo ay paalala ng nakalipas na tinangkang ikinubli. Ang Sto Niño Shrine ay nakatayo sa lupang dating kinatitirikan ng *quonset hut* nina Imelda, ng kanyang mga kapatid at

ng kanyang ama na si Vicente Orestes Romualdez nang lumipat sila sa Leyte matapos ng trahedyang pagkamatay ng kanyang inang si Remedios Trinidad sa isang garahe sa Maynila—ang mapagmahal na inang pilit na nagkubli kay Imelda ng kahirapan ng kanilang buhay—namatay na kapos sa salapi at masakit ang loob sa unang pamilya ng asawa (Pedrosa 1987, 222-223).

Sa kabila ng eksplisitong pagnanais na magbigay ng representasyon ng unang ginang, sa pagbagsak ng rehimen at paglipas ng panahon, nagiging iba-iba ang pagtingin sa bahay na ang pagbabatayan ay ang kanilang iba't ibang persepsyon kay Imelda.

Para sa isang dayuhan na turista na katulad ni Dr. Ronald Meinardus, na ang popular na imahe kay Imelda ay ang ipinapakita sa pandaigdigang *media* na unang ginang na mahilig sa sapatos at nagpakasasa sa kapangyarihan, ang mansyon ay monumento para sa *megalomania* na tipikal sa mga diktadura, at dahil dito dapat itong maingat:

The luxury and the extravagance of this "museum" is simply mind-boggling if put into relation with the poverty and the misery encountered in other parts of the city... While it may have been a good idea to take the building and the many cultural treasures displayed in it away from the greedy Madame Marcos, it is hardly a good idea to let it rot as is happening today. There seems to be no money for maintenance, I was told. Meanwhile, the wooden structures have been invaded by termites who are eating their way through not only the house but also some of the priceless wooden furniture. "This building may collapse within two years," said my guide. That would be a loss not only for Tacloban City, but for the Philippines as a whole. The Romualdez-Museum should be preserved. It is a monument of megalomania, a typical trait of dictators in all parts of the world.

Bilang karagdagan, masasabing ang mansyon ay repleksyon ng *megalomania* na kung minsan ay nasa sa atin. Mga grandiyosong mga pangarap para sa ating sarili ng kayamanan at kapangyarihan. Ang mansyon ay repleksyon din ng panganib na nagbabadya kung may

kakanyahang matupad ang mga grandiyoso, o *Imeldific*, na mga pangarap na ito. Kaya naman para sa maraming naging biktima ng represyon, dapat itong manatiling nakatindig bilang paalala sa isang representasyon at muling pagbubuo ng imahe na taumbayan ang nagbayad at nagdusa. Sa kanila, si Imelda ay hindi daluyan ng buhay at ginhawa, kundi simbolo ng kamatayan at kadiliman ng Diktadurang Marcos.²¹

Subalit nang kausapin ko ang ilang Leyteño tungkol sa imahe nila kay Imelda, tila iba ang kanilang damdamin. Ayon kay Ma. Christine Bactol:

Ako po ay lumaki sa aming probinsya sa Bgry. Rizal, Carigara, Leyte kung saan ang tinitirahan namin ng aking ina ay bahay ng aking tiyuhing nagngangalang Felimon Macalinao, kapatid ng aking ina. Ang aking tiyuhin ay nasa landas ng pulitika. Siya ay tatlong termino na kapitan ng aming barangay. Marami akong natutunan sa pagtira ko sa kanila tungkol sa pulitika, sa mga unang pamamahala ng iba't ibang presidente, oposisyon at administrasyon. Ang aking tiyo ay tumutulong sa administrasyon. May mga pagkakataong napag-uusapan namin ang mga Marcos dahil na din sa taga-Leyte si Imelda. *Former First Lady Imelda Marcos is of great [regard] in my place in Leyte. My relatives like her because of the things she had done during the term of his late husband, Former Pres. Ferdinand Marcos. My uncle ...tells me that it was better during Marcos Regime because things were done to help the public, especially in the provinces. He says, "Oo, totoo na nagbubulsa sila Marcos ng pera. Pero lahat naman ng mga pulitiko ganun. Ang mabuti kay Marcos, kahit nagbubulsa siya ng pera, makikita mong may ginagawa para sa bayan."* And the things the Marcoses did are still recognizable, especially in Region VIII. The San Juanico Bridge connecting Samar and Leyte was a project of the Marcoses. Many bridges and [concrete] roads and [schools] were accomplished... My aunt also said that there are still many other things, like charities the Marcos [established], that [were able to help a lot]. My aunt also said that the Marcoses were rich even before [their] presidency. I guess, what they really wanted to point out, is that all politicians have their

own way of getting money from the government for selfish reasons. But at least, with the Marcoses, you can see that they [accomplished] things that really helped the public.

Ayon kay Zenaida Ongbit-Derecho, isang Leyteño na nagsasabing sila rin ay nabiyayaan sa panahon ng mga Marcos, tulad ng marami sa mga Pilipino, ang kanyang pananaw sa bahay ay katulad ng kanyang hating damdamin para sa mga Marcos:

Whenever I am asked about my opinion on what comes into my mind seeing the Sto. Niño Shrine and houses of Madam Marcos in Leyte, I have positive and negative comments: Positive in the sense that being a Leyteño they serve as tourist attractions. They also show that every person has a chance to success because they show inside how Madam also passed hardship and struggle in her early age. And last but not the least, the Sto. Niño Shrine and houses of Madam Marcos in Leyte help the younger generation see and learn the historical events in our country. On the other side, negative in the sense that I see the luxury of the place and things inside when there are so many less fortunate Filipinos even in Leyte itself, who have no houses and shelters and some even living in shanties that can't even protect them from rain.

Makikita na ang pagkalito ng maraming Pilipino sa kanilang imahe kay Imelda ay nagpapatunay na naging malaganap ang representasyon na ginawa ng unang ginang para sa sarili. Pero sa kabila ng panlilito ng imahe na hanggang ngayon ay ipinapalaganap ng mga Marcos, hindi pa rin maikaila ng mga tagahanga ang kalabisan ng *Imeldific*.

Kung para kay Imelda, ang *Imeldific* ang daluyan ng Kabaitan, Katotohanan, Kagandahan (the Good, the True and the Beautiful) na nais niyang ipakita sa museo, sa huli, anumang representasyon ang nais ipamalas at ilagay ng mga personalidad o institusyon sa pambansang alaala (*national memory*) sa pamamagitan man ng teksto o kongkreto, at kahit gaano kalaking kapangyarihan ang gamitin upang maitatag ang representasyong ito, ang karanasan at pinagmulan pa rin ng indibidwal ang magtatakda ng imahe ng isang pigurang

pangkasaysayan. Ang indibidwal ay may kakayahang sumalungat sa imaheng inimbento lalong-lalo na kung nalalayo ang representasyon sa kanyang karanasan sa kasaysayan. Ang pagsalungat na ito sa kamalayan ng mamamayan na humantong sa Kapangyarihang Bayan sa EDSA at pagwawakas ng Pamahalaang Marcos noong ika-25 ng Pebrero 1986.

Mga Tala

¹ Gagamitin ko ang kalayaang mangusap bilang “Ako.” Ayon nga kay Dr. S. Lily Mendoza (2002, 2006, xiii):

Funny how sacred norms change. Time was when scholarly writing in the academy required erasure of the self and all traces of the subjective. Today however, not to declare one’s personal stake in the subject of one’s research is to risk political naiveté. Finally the days of the unencumbered, detached, objective, autonomous observer are over; enter the politics of the personal, the grounded, the contingent — heralded unapologetically by that big, bold, capital letter “I.”

² Dinalumat sa tulong ni Dr. Zeus A. Salazar. Unang pinag-usapan ng may-akda at ni Dr. Salazar noong ika-20 ng Abril, 2007 sa kumperensya ng Bagong Kasaysayan (BAKAS) sa San Beda College sa Maynila, at muling tinalakay noong ika-26 ng Abril 2007 sa kanyang tahanan sa Loyola Heights, Lungsod Quezon. Ang dalumat ng Kapanahong Kasaysayan ay unang ginamit ng may-akda sa kanyang papel na “Ang Ating Panahon: Ang Bayan Mula Pagkabansang Republika Hanggang Kapangyarihang Bayan (1946-kasalukuyan)” (Binigkas sa CHED - UP *Departamento ng Kasaysayan Seminar-Workshop* sa Kasaysayan ng Bayan sa College of the Immaculate Conception sa Lungsod ng Cabanatuan noong umaga ng ika-4 ng Mayo 2007), <http://michaelxiaochua.multiply.com/journal/item/73>.

³ May pagkakahalintulad sa paglalarawan ng Hudyong iskolar na si Yehuda Bauer, “*Contemporary history should not be considered a separate branch of knowledge, but simply a branch of the historical discipline with specific problems*” (Bauer 1976, 333).

⁴ Maaaring sangguniin bilang panimulang pag-aaral ng mga Griyegong historyador ang Finley 1960.

⁵ Zeus A. Salazar, pakikipagtalastasan, ika-11 ng Hulyo, 2007.

⁶ Ang karangyaan na tinutukoy dito ay ang dami ng kasangkapan, maaaring hindi sa ganda. Ipinapansin sa akin ng manunulat sa sining na si Bb. Christianne dela Paz na marami sa mga kasangkapan ng Unang Ginang ay maituturing na hindi maganda o hindi mamahalin.

⁷ Ang aklat na ito ang unang opisyal na salaysay ukol sa buhay ni Imelda na susundan naman ng mga isinulat nina Maramag, Gagelonia, atbp.

⁸ Ang kontrobersyal na kontra-naratibo na pinabulaanan ni Imelda bagamat ang impormasyon ay nagmumula sa mga kamag-anak at nakasama ng unang ginang, lalo na si Loreto Romualdez Ramos na pinsan ni Imelda, at Estrella Cumpas, ang kanilang kasambahay noong sila ay bata pa.

⁹ Panayam na ginanap noong ika-26 ng Agosto 2004, Pacific Plaza, Lungsod ng Makati, nina Michael Charleston B. Chua, José Angelito Angeles, Leah Abayao, Nancy Aenoh Cortez, Webster Laureñana, Olivia Ontoria at Gretzhel Saligbon. Unang ginamit para sa tesis praktikum na isinumite para sa klase ng Historyograpiya 199.1 sa ilalim ni Dr. Milagros C. Guerrero, Unang Semestre 2004-2005. Tingnan din: INA, ANAK: *Ang Kwento ng Dalawang Imelda (Ang Masalimuot na Ugnayang Mag-inang Imelda at Imee Marcos, 2004. Di-gradwadong tesis sa Kasaysayan, UP Diliman (isang pananaliksik at interbyu sa mag-inang Imelda at Imee Marcos). Pinatunayan ng tesis praktikum na ito na walang distinksyon kay Gng. Marcos sa kanyang pagiging ina sa mga anak at ina ng bayan. Napansin naming sa tuwing tatanungin namin si Gng. Marcos tungkol sa pag-aalaga sa anak, pupunta ang usapan sa pag-aruga ng bayan at sa kanyang mga proyekto. Ang obserbasyon ay kinumpirma ng panayam kay Imee Marcos sa Batasan noong ika-6 ng Setyembre, 2004. Sinabi niya na sa sobrang abala ng ina, hindi niya naging *priority* ang mga anak. Wika nga ni Imelda sa panayam: “Everybody becomes a priority.”*

¹⁰ Para sa opisyal na talaan ng kanyang mga proyekto at kagagawan, tingnan ang Maramag 1975 at Maramag 1982.

¹¹ Tingnan ang Michael Charleston B. Chua, “Imeldific Folklorismus: Ang Mga Ideya ng Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos Batay sa Pagsasatradisyon ng Kanilang Pamumunong Konjugal (1965-)” (Papel na isinumite kay Dr. Eufrazio Abaya para sa klase ng Anthropology 265 (Field Research in Philippine Folklore), Unang Semestre, 2006-2007 sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman).

¹² Tingnan ang Michael Charleston B. Chua, “Imelda / Maynila: Isang Panimulang Pagtingin sa Pagiiba ng *Landscape* at Kapangyarihan Ayon Kay Unang Ginang Imelda Romualdez-Marcos” (Unang isinumite kay Dr. Maria Mangahas para sa klase ng Anthropology 232 (Ecological Anthropology), Unang Semestre, 2006-2007 sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman).

¹³ Pansinin na ang itinutumbas niya sa Ingles sa Malakas ay *power* (kapangyarihan) sa halip na *strength*. Maging ang pagpili sa salin ay ginamit din upang ilapat sa kanyang pakahulugan.

¹⁴ Imelda Romualdez Marcos, panayam, ika-26 ng Agosto, 2004. Ang kaisipan ni Imelda ukol sa iba’t ibang bagay ay maaaring makita sa mga koleksyong tulad ng *Ideas of Imelda Marcos Two Volumes* (National Media Production Center, Manila, 1978); *The Compassionate Society And Other Selected Speeches* (National Media Production Center, 1977); at *Golden Quotations Of Our First Lady*, pinili at

inipon ni Julio F. Silverio (Manila: National Book Store, Inc., 1978). Maging sa mga akda niyang tulad ng *Circles Of Life* (1995); at *Mothering: The Rising Spirit*.

¹⁵ Ang larawan ng Santo Papa at ni Pang. Marcos na nakaupo sa mga silya ay maaaring makita sa Mercado 1981.

¹⁶ Maraming nagnais na makakita ng aklat na ito, at sa kabutihang palad, nang muling makapanayam ng ma-akda si Gng. Marcos noong ika-29 ng Hulyo, 2008, ipinakita nito ang kanyang tanging kopya ng aklat. Inilimbag din nina Ocampo 1993, Francia 1993 at Paterson 1998 ang ilan sa mga larawan tinutukoy. Tulad ng larawan ni Marcos at Imelda na ginagabayan nina Malakas at Maganda kapwa (ang hubad na katawan ni Maganda ay may mukha ni Imelda), si Imelda na umaahon mula sa karagatan, si Imelda na katabi ng isang reyna ng Ehipto na may hawig kay Nefertiti (tumutukoy sa kanyang paniniwalang iniligtas siya mula sa tiyak na kamatayan ng isang reyna ng Ehipto nang pagtangkaan ang kanyang buhay noong 1972), si Imelda bilang patron ng mga sining, si Imelda bilang Anghel ng Awa, at si Marcos bilang tagapagmana ng sinaunang batas ng mga ninuno.

¹⁷ At sabi ng aming gabay na minulto siya kaya hindi na naulit pa ang kanyang pananatili sa mansyon.

¹⁸ Bagamat sa isang panayam sa manunulat na si Francisco Sionil José noong ika-7 ng Hunyo 2007, nakita niya ang ilan sa mga bahagi ng koleksyon ni Imelda ng mga obra na di-umano'y mula sa mga dakilang pintor ng mundo ay peke.

¹⁹ Ilan sa mga nailathala at naipalabas na panayam ni Gng. Marcos na nasa koleksyon ng manunulat ay nagpapakita na marami sa kanyang mga pahayag sa aming panayam sa kanya ay nabigkas na rin niya sa ibang pagkakataon (Rowan.1976, 10-11; Mydans at Vokey 1982, 24; Treen, Vokey at Namuth 1983, 12; Burton 1989, 292-297; Foundation for World Wide People Power 1997; *The Correspondents* Hulyo 1999; *The Correspondents* Setyembre 1999; ang dalawang panayam nina Cito Beltran at Korina Sanchez sa Isyu 101; Gunnes 2000; Diaz 2003; Jimenez 2004; *Reporter's Notebook* 2004; *Kontrobersyal* 2005; Coronel 2006, 8-10; Philippine Center for Investigative Journalism 2006; Mydans 2006; Sindayen 2006; Reginato 2007; Ken at Bronstein 2008, 36-45; at *Newsmakers* 2008).

²⁰ Pinalaganap ng mga Marcos ang kanilang alamat sa pamamagitan ng mga epiko, tingnan ang De Vega 1974; at Hufana 1975. Mayroon din silang sariling bersyon ng Kasaysayan ng Pilipinas. Tingnan ang Marcos 1976. Upang makuha ang panig ng mga historyador na nakipagtulungan sa paggawa ng Tadhana, basahin ang Salazar 1993 ar Cruz 1993. Mayroon ding isang hindi pa nalalathalang papel ukol dito si Tan 1989. Hindi na nabuo pa ang planong 21-tomong akda dahil naabutan na ng pag-aalsang People Power noong 1986.

²¹ Maaaring panoorin ang *Batas Militar: A Documentary About Martial Law in the Philippines* ng Foundation for World Wide People Power at ipinalabas sa ABS-CBN, ika-21 ng Setyembre, 1997, para sa isang komprehensibong pagtingin sa buhay sa ilalim ng diktadura ng mag-asawang Marcos. Rekomendadong tingnan ang ilang kontemporaryong mga akda noong panahon ng Batas Militar tulad ng

Mijares 1976; at Aquino 1984. Hinggil sa katiwalian at pandarambong, tingnan ang Seagrave 1988.

Mga Batis

Mga Panayam

Bactol, Ma. Christine. Pakikipagtalastasan sa e-mail sa may-akda, Nobyembre 8, 14, 2007

Dela Paz, Christianne. Pakikipag-usap, Pebrero 28, 2007, Palma Hall, UP Diliman, Lungsod Quezon.

Derecho, Zenaida Ongbit. Pakikipagtalastasan sa e-mail sa may-akda, Oktubre 30, 2007.

José, Francisco Sionil. Panayam, Hunyo 7, 2007, Solidaridad Bookshop, Padre Faura, Maynila.

Marcos, Imelda Romualdez. Panayam nina Michael Charleston B. Chua, José Angelito Angeles, Leah Abayao, Nancy Aenoh Cortez, Webster Laureñana, Olivia Ontoria at Gretzhel Saligbon, Agosto 26, 2004, Pacific Plaza, Lungsod ng Makati.

Marcos, Imelda Romualdez. Panayam nina José Angelito Angeles at Michael Charleston B. Chua, Hulyo 29, 2008, Pacific Plaza, Lungsod ng Makati.

Marcos, Ma. Imelda "Imee." Panayam nina Michael Charleston B. Chua, José Angelito Angeles, Leah Abayao, Nancy Aenoh Cortez, Webster Laureñana, Olivia Ontoria at Gretzhel Saligbon, Setyembre 6, 2004, Gusali ng Batasang Pambansa, Lungsod Quezon.

Salazar, Zeus A. Mga panayam at pakikipagtalastasan, ika-20 ng Abril, 2007, ika-26 ng Abril 2007, Hulyo 11, 2007.

Mga Primaryang Batis

Marcos, Ferdinand E. 1976. *Tadhana: The history of the Filipino People*, Volume II, Part 1.

Marcos, Imelda Romualdez. 1977. *The compassionate society and other selected speeches*. National Media Production Center.

Marcos, Imelda Romualdez. 1978a. *Golden quotations of our First Lady*, pinili at inipon ni Julio F. Silverio. Manila: National Book Store, Inc.

Marcos, Imelda Romualdez. 1978b. *Ideas of Imelda Marcos*, ikalawang tomo, inedit ni Ileana Maramag. National Media Production Center, Manila.

Marcos, Imelda Romualdez. 1995. *Circles of life*. Pribadong inilathala.

Marcos, Imelda Romualdez. *Mothering: The rising spirit*. Pribadong inilathala.

Mga Aklat ukol kina Marcos at Imelda:

Angeles, José Angelito, Michael Charleston B. Chua, Nancy Aenoh Cortez, Webster Laureñana, Olivia Ontoria, Gretzhel Saligbon at Leah Abayao. 2004. *INA, ANAK: Ang Kwento ng Dalawang Imelda (Ang Masalimuot na Ugnayang*

- Mag-inang Imelda at Imee Marcos*). BA tesis, Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.
- Aquino, Benigno, Jr., S. 1984. *Testament from a prison cell*. Makati: Benigno S. Aquino, Jr., Foundation.
- Burton, Sandra. 1989. *Impossible dream: The Marcoses, the Aquinos, and the unfinished revolution*. New York: Warner Books, Inc.
- De Vega, Guillermo C. 1974. *Ferdinand Marcos: An Epic*. Manila: Konsensus.
- Ellison, Katherine. 1988. *Imelda: Steel Butterfly of the Philippines*. New York: McGraw-Hill.
- Francia, Beatriz Romualdez. 1992. *Imelda: A Story of the Philippines*, 3rd edition. Manila: Solar Publishing Corporation.
- Gagelonia, Leticia S. Guzman. 1979. *Si Imelda: Ang Pilipina*. Manila: National Book Store.
- Hufana, Alejandrino Gurtiza. 1975. *Imelda Romualdez Marcos: A tonal epic*. Manila: Konsensus.
- Lico, Gerard Rey A. 2000. *Edifice complex: Power, myth, and Marcos state architecture*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Maramag, Ileana. 1975. *Compassion and commitment: Action programmes of the First Lady Imelda Romualdez Marcos*. Maynila: National Media Production Center.
- Maramag, Ileana. 1982. *Imelda Romualdez Marcos: A biography of deeds*. Metro Manila: Office of Media Affairs.
- Mijares, Primitivo. 1976. *The conjugal dictatorship of Ferdinand and Imelda Marcos I*. San Francisco: Union Square Publications.
- Paterson, James Hamilton. 1998. *America's boy: The Marcoses and the Philippines*. London: Granta Books.
- Pedrosa, Carmen Navarro. 1969. *The untold story of Imelda Marcos*. Manila: Bookmark.
- Pedrosa, Carmen Navarro. 1987. *Imelda Marcos: The rise and fall of one of the world's most powerful women*. New York: St Martin's Press.
- Polotan, Kerima. 1970. *Imelda Romualdez Marcos: A biography of the First Lady of the Philippines*. Cleveland, Ohio: The World Publishing Company.
- Seagrave, Sterling. 1988. *The Marcos dynasty*. Nueva York: Harper and Row.
- Mga Iba pang Lathalain at Babasahin:**
- Associated Press. 1998. <http://www.pbs.org/independentlens/imelda/words.html>.
- Barracough, Geoffrey. 1967. *An Introduction to Contemporary History*. Harmondsworth: Penguin Books.
- Bauer, Yehuda. 1976. Contemporary History – Some methodological problems. *History* 61 (203): 333-343.

- Chua, Michael Charleston B. 2006a. Imelda / Maynila: Isang Panimulang Pagtingin sa Pagiiba ng *Landscape* at Kapangyarihan Ayon Kay Unang Ginang Imelda Romualdez-Marcos. Papel na isinumite kay Dr. Maria Mangahas para sa klase ng Anthropology 232 (Ecological Anthropology), unang semestre 2006-2007 sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Chua, Michael Charleston B. 2006b. Imeldific Folklorismus: Ang Mga Ideya ng Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos Batay sa Pagsasatradisyon ng Kanilang Pamumunong Konjugal (1965-). Papel na isinumite kay Dr. Eufracio Abaya para sa klase ng Anthropology 265 (Field Research in Philippine Folklore), unang semestre, 2006-2007 sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Coronel, Sheila S. 2006, Enero-Pebrero. "Imelda Marcos: 'The greatest moment of Marcos was Edsa'" *PCIJ i-Report* 8-10.
- Croce, Benedetto. 1937, 2000. *History as the Story of Liberty*, trans. Sylvia Sprigge, rev. Folke Leander and Claes G. Ryn. Indianapolis.
- Cruz, Romeo V. 1993. Ang paggawa ng tadhana mula 1980, sa *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan*, ed. Ma. Bernadette L. Abrera at Dedina A. Lapar, 200-203. Lungsod Quezon: Departamento ng Kasaysayan UP, UP Lipunang Pangkasaysayan at Bahay Saliksikan ng Kasaysayan.
- Foucault, Michel. 1984. On the genealogy of ethics: An overview of work in progress, sa *The Foucault Reader*, ed. Paul Rabinow, 340-372. New York: Pantheon Books.
- Gabriel, Nancy Kimuell. 2007. "Mam, totoo po bang hindi nag-exist si Bonifacio?" (Isang medyo seryosong sagot sa hindi na cute na tanong). Hindi nailathalang draft ng isang artikulo.
- Gunnes, Christopher. 2000. "The Day I Met Imelda Marcos," *BBC* (October 31).
- Jiménez, David. 2004. 'Santa Imelda' de Filipinas. *Cronicas*, <http://www.elmundo.es/cronica/2004/447/1084196070.html>.
- Kelley Ken at Phil Bronstein. 2008 May. "1987 Playboy interview: Imelda & Ferdinand Marcos," *Playboy Philippines*, 36-45.
- Mayer, Christina. 2000. What is Contemporary History. Papel na isinulat para kay Prop. Dr. Chester Pach noong Taglagas ng 2000 para sa klaseng Contemporary History 601 sa Ohio University, <http://oak.cats.ohiou.edu/~cm322900/whatischi.html>.
- Meinardus, Ronald. 2006. Many monuments in Tacloban. <http://myliberaltimes.com/?p=153>.
- Mendoza, S. Lily. 2002, 2006. *Between the homeland and the diaspora: The politics of theorizing Filipino and Filipino American identities*. Manila: University of Sto. Tomas Press.
- Mercado, Monina Allarey. 1981. *Totus Tuus: Pope John Paul II in the Philippines*. Lungsod Quezon: Vera-Reyes, Inc.

Mydans, Seth. 2006. The life of Imelda Marcos, in Powerpoint and plastic. *New York Times* (March 21), <http://www.nytimes.com/2006/03/21/international/asia/21marcos.html>.

Mydans, Seth at Richard Vokey. 1982. The world According to Imelda. *Newsweek* (Setyembre 13) 24.

Navarro, Atoy M. 2000. Ang bagong kasaysayan sa wikang Pilipino: Kalikasan, kaparaanan, pagsasakasaysayan. *Bagong kasaysayan: Mga pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas* Lathalain Blg. 11. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Ocampo, Ambeth R. 1993. Malakas at Maganda: The book that never was, sa *Aguineldo's Breakfast*, 214-217. Pasig City: Anvil.

Reginato, James. 2007. Forever Imelda. *W* (April), http://www.style.com/w/feat_story/030407/full_page.html.

Rowan, Roy. 1976. Malakas and Maganda at Home. *TIME* (Hunyo 7) 10-11.

Salazar, Zeus A. 1976. Ang kamalayan at ang kaluluwa: Isang paglilinaw ng ilang konsepto sa kinagisnang sikolohiya," sa *Ulat ng ikalawang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, Nobyembre 9-12, 1976, ed. Lilia F. Antonio, 131-144. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Salazar, Zeus A. 1983. Ethnic psychology and history: The study of faith healing in the Philippines, sa *The ethnic dimension, papers on Philippine culture, history and psychology*, 89-106. Kolonya: Counseling Center for Filipinos.

Salazar, Zeus A. 1993. Ang historyograpiya ng tadhana: Isang malayang paggunita panayam, sa *Paksa, paraan at pananaw sa kasaysayan*, eds. Ma. Bernadette L. Abrera at Dedina A. Lapar, 193-199. Lungsod Quezon: Departamento ng Kasaysayan UP, UP Lipunang Pangkasaysayan at Bahay Saliksikan ng Kasaysayan.

Salazar, Zeus A. 1999. Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas. *Bagong kasaysayan: Mga pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas* Lathalain Blg. 4. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Salazar, Zeus A. 2005. *Pangulong Erap: Biograpiyang sosyopolitikal at pangkalinangan ni Joseph Ejercito Estrada*, Tomo 1 Pinunong Bayan: Tungo sa Hamon ng EDSA II. San Juan, Metro Manila: RPG Foundation, Inc.

Sindayen, Nelly. 2006. 10 Questions: Imelda Marcos. *TIME* (June 26).

Tan, Samuel K. 1989. Tadhana: History of the Filipino people. Di pa nailalathalang papel.

Treen, Joseph, Richard Vokey, at Tessa Namuth. 1983. The Iron Butterfly. *Newsweek*, (Setyembre 5) 12.

Mga Bidyo at Audio:

Foundation for World Wide People Power. 1997. *Batas Militar: A documentary about martial law in the Philippines*. Ipinalabas sa ABS-CBN, Setyembre 21, 1997.

- Diaz, Ramona. 2003. *Imelda: Power, myth, illusion*. Unitel International.
- Isyu 101*, kasama si Cito Beltran at Korina Sanchez. Ipinalabas sa ABS-CBN (dalawang magkaibang episode na di matukoy ang petsa).
- Reporter's Notebook*. Ipinalabas sa ABS-CBN, Setyembre 2004.
- "Mrs. Marcos," *Kontrobersyal*. Ipinalabas sa ABS-CBN, Disyembre 30, 2005.
- Philippine Center for Investigative Journalism. 2006. Imelda Marcos: 'The greatest moment of Marcos was Edsa' sa *PCIJ Channel*. <http://pcij.org/blog/wp-files/podcasts/Imelda.mp3>.
- The Correspondents*. Ipinalabas sa ABS-CBN, Hulyo 1999.
- The Correspondents*. Ipinalabas sa ABS-CBN, Setyembre 1999.
- Tak Asia. Ipinalabas sa Cable News Network, Enero 24, 2007
- Trofeo, Dik. 1974. *Kasaysayan ng lahi*. National Media Production Center.
- Newsmakers*. Ipinalabas sa GMA-7, Setyembre 28, 2008.

Larawan 1. Ang Sto. Niño Shrine sa Lungsod ng Tacloban (kuha ng may-akda).



Larawan 2.
Isang diorama na nagpapakita sa unang ginang bilang diplomat (kuha ng may-akda).



Larawan 3.

Si Imelda bilang si Maganda – ang Ina ng mga Pilipino (kuha ng may-akda).



Larawan 4. *Postcard* na may mensahe mula kay Alfredo “Bejo” Trinidad Romualdez para sa may-akda.

